SEVEN OAKS
SCHOOL DIVISION
*community begins here*

Board Office
830 Powers Street
Winnipeg, MB. R2V 4E7

Telephone: **204.586.8061**
Fax: **204.589.2504**

Nobyembre 15, 2021

Mahal naming mga Magulang / Guardians:

**Paksa:  Manitoba Public Health Travel at Self-Isolation Requirements**

Nais naming ipabatid ang mga sumusunod na gabay ng Manitoba Public Health kung ang inyong pamilya ay magbibiyahe sa labas ng probinsiya o ng Canada.

Nagbabalak bumiyahe sa panahon ng winter break? Kung gayon ay dapat malaman ang mga requirements pagbalik sa Manitoba.

- Kung ang biyahe ay sa loob ng Canada, dapat malaman ang Travel and Self-isolation Requirements sa mga babalik sa Manitoba. Para sa karagdagang kaalaman, tignan ang Self-isolation (Quarantine) for Asymptomatic Returning Travellers at  Testing for Travellers.
  - Para sa mga domestic travellers, kung ikaw ay fully immunized at dalawang linggo na ang nakalipas buhat ng iyong last dose noong ikaw ay dumating, exempted ka na mag-self isolate (quarantine) ayon sa provincial travel order. Ang domestic travel exemptions ay kasali ang mga bata na may gulang na mababa sa 12 taon, kung ang mga kasama nila sa pagbiyahe ay fully immunized.

- Kung bumiyahe ka sa labas ng Canada ay aplikado ang Government of Canada guidance. Ang mga international travelers ay kailangang sundin ang federal self-isolation (quarantine) requirements.
  - Tandaan na ang mga unvaccinated na mga bata na mababa sa 12 taong gulang na walang sintomas at bumiyahe kasama ang fully vaccinated na mga magulang o guardians ay hindi makakapasok sa paaralan, camp or daycare (kabilang sa mga iba pang aktibidad) ng 14 na araw pagkarating sa Canada.

Hindi bumiyahe? Alamin ang Holiday and Celebration Information at  current gathering rules upang ma-enjoy ang mga seasonal na aktibidad.

Gumagalang,

Brian P. O'Leary
Superintendent

BPO/dlh